
3

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 5:

### Pagbasa ng mga Salitang may Tatlong Pantig Pataas, Salitang Hiram, Klaster, at mga Salitang Iisa ang Baybay ngunit Magkaiba ang Bigkas




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Alamin

Magandang araw sa iyo!

Malugod kitang binabati dahil matagumpay mong nasagot ang naunang mga gawain. Sa modyul na ito, mababasa mo ang mga salitang may tatlong pantig pataas at mga salitang hiram.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nababasa ang mga salitang may tatlong pantig pataas (F3AL-If-1.3); at
- nababasa ang mga salitang hiram (F3PP-IVcg-2.5).

# Subukin

Gawain 1

Isulat sa loob ng kahon ang mga salita ayon sa hinihinging bilang ng mga pantig. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| masagana | elepante | dalanghita | sapatos | kabayo |
| bandila | mansanas | telepono | bayani | sampaguita |

| Tatlong Pantig | Apat na Pantig |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. |

Gawain 2

Piliin ang salitang hiram na makikita sa bawat pangungusap.

1. Nakatutuwa ang mga hayop sa loob ng **zoo**.
2. Sumakay kami sa **jeepney** papuntang lungsod.
3. Ang lalaki ay magaling tumugtog ng **xylophone**.
4. Nasira ang **zipper** ng pantalon ng batang babae.
5. Bago ang mga **bag** ng mga mag-aaral tuwing unang araw ng pasukan.

Aralin 1

# Pantig at Salitang Hiram

## *Balikan*

Basahin mo ang mga tanong. Piliin at isulat sa papel ang letra ng tamang sagot.

1. Sa bahagi ng aklat, saan makikita ang mga paksa at araling nilalaman?
   A. pabalat B. paunang salita C. katawan ng aklat

2. Ano ang tamang pagpapantig ng salitang pabalat?
   A. pab-lat B. pa-ba-lat C. pa-bal-at

3. Ilang pantig meron ang salitang glosari?
   A. dalawa B. tatlo C. apat

4. Alin sa sumusunod ang salitang hiram?
   A. indeks B. **bibliography** C. karapatang-ari

5. Makikita sa **index** ang talaan ng mga paksang nakaayos nang pa-alpabeto. Piliin ang salitang hiram.
   A. index B. talaan C. pa-alpabeto

# Tuklasin

Basahin mo nang mabuti ang teksto sa ibaba.




Ang mga Tao sa Panahon ng COVID-19

Milyon-milyong mga tao sa buong mundo ang hindi makapaniwala sa epekto ng nakahahawang sakit na tinatawag na **Coronavirus disease of 2019** o **COVID-19**. Limitado ang paglabas ng mga tao sa kanilang mga tahanan. May ilang negosyo o trabaho na kailangan munang ipatigil upang masugpo ang pagkalat ng nasabing **virus.**

Hindi mababayaran ang mga hirap at sakripisyo ng mga **frontliners** upang malabanan at mailigtas ang mga tao mula sa pandemyang ito.

Naging malaking tulong ang **social media** upang magkamustahan ang mga tao at maibsan ang takot at kalungkutan na nadarama.

Gawain 1

Magtala ka ng limang salita na may tatlong pantig mula sa teksto. Isulat ang iyong sagot sa papel.

Halimbawa: epekto    e-pek-to

1. ______________________    4. ______________________

2. ______________________    5. ______________________

3. ______________________

Gawain 2

Kopyahin ang mga pangungusap sa iyong kuwaderno. Salungguhitan ang salitang hiram na ginamit sa bawat pahayag.

1. Ang COVID-19 ay isang nakahahawang sakit na maaaring ikamatay ng isang tao.
2. Ugaliing maghugas ng kamay upang matanggal ang nakakapit na virus.
3. Ang social media ay makakatulong sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao.
4. Ang mga frontliners ay ang ating mga makabagong bayani.
5. Kapag aalis ng bahay, kinakailangan magdala ng **quarantine pass**.



## *Suriin*

Ang pantig ay paraan ng paghahati-hati ng salita sa mga pantig. Ilan sa mga halimbawa nito ay:

la-la-ki　　　　pag-ka-in
ba-ba-e　　　　trans-por-tas-yon

Ang salitang hiram ay ang mga salitang walang katumbas sa wikang Filipino kung kaya ang mga ito ay tanggap ng gamitin sa pakikipag-usap.

Ilan sa mga halimbawa nito ay ang mga salitang nasa ibaba.

| | |
|---|---|
| Coronavirus disease | **cinema** |
| zoo | xylophone |
| virus | frontliners |
| zipper | **supermarket** |
| jeepney | quarantine pass |

## Pagyamanin

Gawain 1

Lagyan mo ng tsek (✓) ang bilog na naglalaman ng tamang bilang ng pantig sa bawat salita. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Halimbawa: te-le-bis-yon (1) (2) (3) (4) ✓

Bilang ng pantig

1. ku-si-na (1) (2) (3) (4)
2. sa-la-min (1) (2) (3) (4)
3. ma-si-pag (1) (2) (3) (4)
4. ba-ya-ni-han (1) (2) (3) (4)
5. ma-ma-ma-yan (1) (2) (3) (4)

Gawain 2

Kopyahin mo ang talata sa iyong kuwaderno. Punan ng wastong salita ang bawat patlang. Pillin ang sagot sa kahon.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| supermarket | COVID-19 | jeepney | frontliners | grocery |

Ang ______________ ay isang napakadelikadong sakit na ating kinakaharap ngayon. Lubos tayong nagpapasalamat sa mga _____________ na nagsakripisyo para matulungan tayong labanan ang pandemyang ito.

Kaya pinapayuhan tayong lahat na mag ingat ng mabuti kapag tayo ay aalis ng bahay. Tuwing sasakay tayo ng __________ugaliin na magsuot ng mask. Kapag pupunta naman sa _____________upang mag ____________ ng ating mga pangangailangan mainam na sundin ang isang metrong layo upang mapanatili ang social distancing.

## *Isaisip*

Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Ang (1) ________________________ ay paraan ng paghahati-hati ng (2) ________________________ sa mga pantig.

Halimbawa: ba-ya-ni ma-ma-ma-yan

Ang (3)________________________ ay ang mga salitang walang katumbas sa wikang (4)______________________ kung kaya ang mga ito ay tanggap ng gamitin sa (5)________________________.

Halimbawa: Coronavirus disease frontliners

## *Isagawa*

Gawain 1

Kopyahin sa iyong kuwaderno ang mga salita sa loob ng kahon. Pagkatapos ay bilugan ang salitang may tatlong pantig.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | ba-ta | ma-gu-lang | pa-a-ra-lan |
| 2. | ak-lat | na-nay | bu-lak-lak |
| 3 | wa-lis | sa-nga | wa-ta-wat |
| 4. | ga-mot | ba-su-ra | ma-ma-ma-yan |
| 5. | ba-to | sa-li-ta | pa-a-ra-lan |

Gawain 2

Kopyahin ang talahanayan sa iyong kuwaderno at bilugan ang salitang hiram.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 | bag | lapis | damit |
| 2 | sakit | virus | mikrobyo |
| 3 | papeles | pandemya | quarantine pass |
| 4 | tulong | serbisyo | frontliners |
| 5 | radio | telebisyon | social media |



# *Tayahin*

## Gawain 1

Isulat ang bilang ng mga pantig ng salita sa sagutang papel.

| Salita | Pagpapantig | Bilang |
|---|---|---|
| bayani | ba-ya-ni | |
| masipag | ma-si-pag | |
| paaralan | pa-a-ra-lan | |
| masayahin | ma-sa-ya-hin | |
| mapagmahal | ma-pag-ma-hal | |

## Gawain 2

Piliin ang tamang salita sa loob ng kahon at isulat ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| bag | grocery | social media |
| jeepney | frontliners | Coronavirus Disease |

1. Ang ibig sabihin ng COVID ay ________________________________.
2. Hindi kalakihan ang kita ng mga drayber ng ________________ sa panahon ng pandemya.

3. Araw-araw na nagseserbisyo ang mga ________________ upang malabanan ang pandemya.

4. Limitado ang pagpasok ng mga taong gustong bumili ng mga pagkain sa loob ng ________________.

5. Nasa loob ng __________________ ang mga gamit na gagamitin ng ate sa tuwing papasok siya sa trabaho.

## *Karagdagang Gawain*

Bumuo ka ng limang salitang hiram at pantigin mo ang mga ito. Isulat ito sa iyong kuwaderno.

| Salitang Hiram | Pagpapantig |
|---|---|
| Halimbawa: Coronavirus | Co-ro-na-vi-rus |
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

# *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Malugod kitang binabati dahil matagumpay mong nasagot ang naunang mga gawain.

Sa modyul na ito, mababasa mo ang mga salitang may klaster.

May iba't ibang gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaisipan at madali mo itong maintindihan.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:


- Nababasa ang mga salitang may klaster **(F3PP-IIc-d2.3)**.

# *Subukin*


Punan ng angkop na mga letra ang patlang upang mabuo ng pinahuhulaang mga salita ayon sa ipinakitang larawan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno.




b l________



d r________



t r _____



t s_________



p r ____________

| Aralin 2 | Klaster |
|---|---|

## *Balikan*

Kopyahin ito sa iyong kuwaderno at bilugan mo sa loob ng kahon ang salitang may tatlong pantig.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | bata | frontliners | paaralan |
| 2. | aklat | nanay | xylophone |
| 3 | walis | sanga | grocery |
| 4. | gamot | cinema | mamamayan |
| 5. | bato | salita | paaralan |

## *Tuklasin*

Basahin mo nang mabuti ang maikling kuwento.




Regalo Para kay Ana
ni: Jaycel D. Suganob

Si Ana ay paparangalan sa kanilang paaralan dahil siya ay isang matalino at mabuting bata. Siya ay pinangakuan ni Nanay Sita ng regalo sa kaniyang kaarawan. Gusto sana ni Ana ng bagong *blusa* na kulay pula na kaniyang maipangsisimba. Ibig niyang magpasalamat sa *grasya* na natatanggap niya.

Gusto din niyang magkaroon ng keyk at mga *prutas* para ipakain sa kaniyang mga bisita. Gusto sana niyang makatanggap ng mga regalo tulad ng *plorera*, *libro* at lalong-lalo na ang *sobre* dahil lagi siyang sumusulat sa kaniyang ama na nasa ibang bansa.

Kopyahin ang **graphic organizer** sa iyong kuwaderno. Punan ito ng mga salitang klaster o kambal katinig na makikita sa maikling kuwento.




## *Suriin*

Ang kambal katinig o klaster ay mga salitang mayroong magkadikit o pinagsamang dalawang magkaibang katinig sa loob ng iisang pantig tulad ng b, l, d, g, r. p, t, s.

Halimbawa ng klaster o kambal katinig

| pl | br | ts | pr | gr |
|---|---|---|---|---|
| plato | bra | tsuper | prito | grasa |
| plasa | braso | tsokolate | prinsipe | gripo |
| plaka | brusko | tsinelas | prinsesa | gramo |

# Pagyamanin

Gawain 1

Kopyahin ang mga salita sa iyong papel at salungguhitan ang kambal katinig o klaster.

1. grasa
2. brusko
3. trangkaso
4. kwintas
5. dragon

Gawain 2

Piliin ang mga salitang may kambal katinig o klaster. Isulat mo ito sa iyong sagutang papel.

1. krus 2. plorera 3. mesa 4. bintana 5. bahay

# Isaisip

Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

Ang ______________________ o klaster tulad ng pl at ts ay mga salitang mayroong _____________________ o kabit na dalawang magkaibang ______________________ sa loob ng iisang pantig.

Halimbawa: plorera tsinelas

# Isagawa

Kahunan ang salitang may kambal katinig o klaster na ginamit sa pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

1. Tsuper ang aking tiyo.

2. Bibili ako ng blusa mamaya.

3. Nawala ang tsinelas ko kahapon.

4. Kumuha ako ng plato sa kusina.

5. Si Tatay Berto ay bumili ng prutas sa palengke.

## *Tayahin*

Punan ng mga salita ang bawat kolum ng kambal katinig o klaster. Simulan mo ito sa bilang (2). Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| pl | br | ts | pr | gr |
|---|---|---|---|---|
| 1.plato | bra | tsuper | prito | grasa |
| 2. | | | | |
| 3. | | | | |

## *Karagdagang Gawain*

Salungguhitan ang salitang may kambal katinig o klaster sa pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

1. Bago ang suot niyang tsinelas.
2. Si Tanya ay kumain ng tsokolate.
3. Dumikit ang grasa sa uniporme niya.
4. Nabasag ang plorera na nasa ibabaw ng mesa.
5. Sariwa ang mga prutas na inani ni Mang Mando.

# Alamin

Magandang araw sa iyo!


Malugod kitang binabati dahil matagumpay mong nasagot ang naunang mga gawain.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nababasa ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas **(F3PP-IIe-g2.4)**.

# Subukin

Alin sa mga larawan ang tumutukoy sa mga salitang may salungguhit sa bawat pangungusap? Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.




1. Ang paboritong gulay ni Berto ay upo.
   a. A b. C c. E
2. Nakakasira ng baga ang paninigarilyo.
   a. C b. D c. A
3. Hinabol ng bata ang pulang lobo na lumipad.
   a. A b. D c. B
4. Nakita ko sa palabas sa telebisyon na naghahabulan ang mga lobo.
   a. A b. D c. B
5. Nahihirapan ang mga tao sa pag-apula sa malaking baga ng apoy sa kanilang barangay.
   a. A b. D c. B

# Aralin 3 Mga Salitang Iisa ang Baybay Ngunit Magkaiba ang Bigkas

## *Balikan*

Salungguhitan mo ang klaster sa bawat salita. Isulat ang iyong sagot sa papel.

1. grasa  2. braso  3. plato  4. trangkaso  5. blusa

## *Tuklasin*

Basahin mo nang mabuti ang maikling kuwento.



Tulong ng Gobyerno
ni: Merry Jean A. De Asis

Puno ng tao ang plasa kung saan maraming kumuha ng kanilang benipisyo na ibinigay ng gobyerno. Abala ang lahat maging ang puno ng aming barangay. Dumating na ang mga taga gobyerno kasama ang kanilang mga tauhan.

Nariyan na rin ang mga guwardiya dala ang kanilang mga pito, gayundin ang mga tanod na pito ang miyembro bawat grupo.

Nagsimula na ang pamimigay ng ayuda ng gobyerno para sa mga tao.

Masaya ang lahat matapos matanggap nila ang tulong na ibinigay sa kanila ng gobyerno. Malaki ang kanilang pasasalamat sapagkat halos lahat ay nawalan ng trabaho. Kaya umuwi ang lahat nang nakangiti.

Gawain 1

Kopyahin sa kuwaderno ang mga salitang may salungguhit at ang kahulugan nito.

| Pangungusap | Kahulugan |
|---|---|
| 1. Puno ng tao ang plasa. | maraming tao |
| 2. Abala ang aming punong barangay. | lider |
| 3. Ang mga guwardiya ay may dalang pito. | gamit na tumutunog kapag hinihipan |
| 4. Ang mga tanod ay may pitong miyembro. | bilang 7 |

Gawain 2


Piliin ang kahulugan ng mga salitang may salungguhit na magkapareho ang baybay.

1. Malakas ang pito ng referee.
   A. bolo B. bilang C. gamit na tumutunog
2. Pito ang miyembro ng kanilang grupo.
   A. grupo B. bilang 7 C. miyembro
3. Puno ng mga tao ang plasa dahil sa liga.
   A. maraming tao B. masayang tao C. maingay ang tao
4. Si Ginoong Cruz ang puno ng aming barangay.
   A. lider B. kasama C. mayaman tao
5. Si Berting ay may nakitang sawa sa loob ng kanilang bahay.
   A. bola B. ayaw na C. uri ng ahas

# Suriin

Mayroong mga salita na magkapareho ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas at kahulugan.

Halimbawa:

| Salita | Kahulugan | Salita | Kahulugan |
|---|---|---|---|
| pito  | bilang | pito  | laruan o silbato |
| kapa  | tela na nilalagay sa likod ng damit | kapa  | dinama ang isang bagay |
| puno  | punongkahoy | puno  | umaapaw |

# Pagyamanin

Basahin ang mga pangungusap.

1. Nakakita si Mark ng lumang pako sa may taniman ng pako.
2. Bumili kami ng pitong makukulay na pito para sa mga tanod.
3. Inilabas ng pinuno ng barangay na si Aling Celia ang kaniyang pinunong alkansiya para idagdag sa pambili ng mga papremyo.

Gawain 1




Sagutin mo ang mga tanong at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

1. Ano ang magkatulad na salita sa unang pangungusap?
   A. luma-pako B. pako-pako C. taniman-pako
2. Sa pangalawang pangungusap ano ang salitang magkatulad?
   A. pitong-pito B. binili-tanod C. pitong-makukulay
3. Sa pangatlong pangungusap ano ang salitang magkatulad?
   A. pinuno-pinunong B. pinuno- papremyo C. Aling Celia- alkansiya

Gawain 2

Piliin sa loob ng kahon ang pangalan ng bawat larawan. Isulat sa iyong papel ang tamang sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| baga | tubo | lobo | paso |

1.  ___________
2.  ___________
3.  ___________
4.  ___________





## *Isaisip*


Punan ang patlang ng angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

May mga ____________________ magkapareho ng baybay pero magkaiba ang ____________________ at ____________________. Makukuha ang kahulugan nito ayon sa paggamit ng salita sa bawat ________________________.

## Isagawa

Iguhit ang masayang mukha  kung ang mga larawan ay magkapareho ang baybay ng pangalan. Gawin mo ito sa iyong kuwaderno.

___1. pala- kama  

___2. kapa- kapa  

___3. baba- baba  

## Tayahin

Ano ang ibig sabihin ng mga salitang may salungguhit sa bawat pares ng pangungusap? Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

_______1. Malayo ang <u>tapon</u> ng bolang inihagis ni Jeth.
A. hagis B. toyo C. takip na yari sa cork

_______2. Tumalsik ang <u>tapon</u> ng bote nang buksan niya ito.
A. bote B. hagis C. takip na yari sa cork

_______3. <u>Ligaw</u> ang laro ng aming koponan dahil wala ang aming coach.
A. maayos B. nanunuyo C. hindi maayos

_______4. Umakyat ng ligaw ang binata sa dalaga na mula pa sa kabilang bayan.

A. nanunuyo  B. hindi maayos  C. umakyat sa puno

_______5. Mabilis gumaling ang paso sa braso ni Ronie.

A. puno ng saging
B. nilalagyan ng tanim
C. sugat sanhi pagsunog

## *Karagdagang Gawain*

Piliin ang angkop na salita para mabuo ang pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

1. Pakilagay mo sa ____ na nasa mesa iyang hawak mong bagong _____ na lapis.
   A. tasa – tulis ng lapis
   B. tasa – bagay na iniinuman
2. Nagyaya si Ate na maligo sa ___. Pagdating namin bigla nalang sumigaw si Ate ng ____ kaya nabasa ang aming damit.
   A. talon – lundag
   B. talon – isang uri ng anyong tubig
3. May ___ na bisita na dumating kanina sa aming bahay. Nanood sila ng liga sa barangay. Tumunog ang ___ na hawak ng referee.
   A. pito- bilang
   B. pito- bagay na tumutunog kapag hinihipan
4. Mahilig si Dan magsuot ng ____ pakiramdam niya para siyang isang tunay na hari. Kina___ niya muna ang tela bago niya ito gamitin.
   A. kapa- isang tela na sinusuot sa likod
   B. kapa- dinama o hinawakan ang isang bagay
5. Si Redlee ay mahilig mag-alaga ng ___ , kahit saan siya pumunta ay kasama niya ito. Ngunit isang araw bigla nalang siyang nag____ sa pag-aalaga nito.
   A. sawa- ayaw na
   B. sawa- isang uri ng ahas

# Susi sa Pagwawasto

Aralin 2 - KLASTER

| # | Subukin | Balikan | Tuklasin | Pagyamanin 1 | Pagyamanin 2 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | blusa | frontliners | blusa, grasya, keyk, prutas, plorera, libro, sobre | gr | Krus |
| 2 | dram | xylophone | | br | plorera |
| 3 | tren | grocery | | pl | |
| 4 | tsokolate | cinema | | tr | |
| 5 | prinsesa | salita | | bl | |

| # | Isaisip | Isagawa | Tayahin | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|---|---|
| 1 | kambal katinig | tsuper | Depende sa sagot ng bata | tsinelas |
| 2 | magkadikit | blusa | | tsokolate |
| 3 | katinig | tsinelas | | grasa |
| 4 | | plato | | plorera |
| 5 | | prutas | | prutas |

Aralin 3 - Ang mga salitang iisa ang baybay ngunit magkaiba ang bigkas

| # | Subukin | Balikan | Tuklasin Gawain 2 | Pagyamanin 1 | Pagyamanin 2 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1 | c | gr | C | B | baga |
| 2 | a | pl | B | A | baga |
| 3 | a | bl | A | A | lobo |
| 4 | c | dr | A | | lobo |
| 5 | b | tr | C | | |

| # | Isaisip | Isagawa | Tayahin | Karagdagang Gawain |
|---|---|---|---|---|
| 1 | salita | | A | 1. B & A |
| 2 | bigkas | masayang mukha | C | 2. B & A |
| 3 | kahulugan | masayang mukha | C | 3. A & B |
| 4 | pangungusap | | A | 4. A & B |
| 5 | | | C | 5. B & A |

**Aralin 1 - PANTIG AT SALITANG HIRAM**

| Subukin | Gawain 1 | Subukin | Balikan |
|---|---|---|---|
| Tatlong Pantig | Apat na pantig | **Gawain 2** | |
| sapatos | telepono | 1. zoo | 1. C |
| mansanas | dalanghita | 2. jeepney | 2. B |
| kabayo | elepante | 3. xylophone | 3. B |
| bayani | masagana | 4. zipper | 4. B |
| bandila | sampaguita | 5. bag | 5. A |

**Tuklasin**

**Gawain 1**

Depende sa sagot ng bata

**Gawain 2**

1. Covid-19
2. virus
3. social media
4. frontliners
5. quarantine pass

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1.) **3**
2.) **3**
3.) **3**
4.) **4**
5.) **4**

**Gawain 2**

1. Covid-19
2. frontliners
3. jeepney
4. supermarket
5. grocery

**Isaisip**

1. pantig
2. salita
3. salitang hiram
4. Filipino
5. pakikipag-usap

**Isagawa**

**Gawain 1**

1. magulang
2. bulaklak
3. watawat
4. basura
5. salita

**Gawain 2**

1. bag
2. virus
3. quarantine pass
4. frontliners
5. social media

**Tayahin**

| Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1.) **3** | 1. Coronavirus Disease |
| 2.) **3** | 2. jeepney |
| 3.) **4** | 3. frontliners |
| 4.) **4** | 4. grocery |
| 5.) **4** | 5. bag |

**Karagdagang Gawain**

Depende sa sagot ng bata